PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S SPEECH DURING THE COMMISSIONING OF BRP LAPU-LAPU AND BRP FRANCISCO DAGOHOY AND LAUNCHING OF DA'S RICE AND CORN BLEND PROGRAM

Sasa Wharf, Sasa, Davao City
December 21, 2017

Kindly sit down. Thank you for your courtesy.

Congresswoman Garcia; Secretary of Agriculture Emmanuel Piñol and other members of the Cabinet; Officials and employees of the Department of Agriculture; Dito 'yung dating mga former Coast Guard… 'yung dalawa, nagdating na 'yung… si Edmund, sa Coast Guard 'yan, pati si Casillan Admiral. But I saw him last night sa Philippine Veterans Hospital, quite an active ---

Alam mo, I've always been wondering, eternally and complaining also. No offense intended to anybody. Filipino man tayong lahat. Bakit kaming mga Bisaya, walang hero, in the roll of our national heroes? I have no qualms about Mabini, Rizal. They're all brilliant men. Gregorio del Pilar, a brave warrior. Pero sa amin. Sabi ko, "Saan man ang hero ng Bisaya na… Naiwan man kami." And they keep on talking about Lapu-Lapu. The first native… the Malay native who came here, probably a Muslim who settled somewhere in Cebu, na pumatay sa the first invader, imperialist Magellan. And pati ito si Dagohoy who revolted against the church for the abuses of mga pari noon.

So sabi ko --- Alam mo kasi ito si Dagohoy, if you talk to the policemen and law enforcers, ang talkaties nila dito 'pag tinanong, when I was mayor. "Ano nangyari?" "Sir, holdup." "Ano 'yung nag-holdup? Tagasaan?" "Sir, Dagohoy, sir. Sa Surigao." Ang tawag nila sa hold-upper, Dagohoy. [laughter] Nakaka-insulto. Sabi ko sa mga pulis, "Stop using that word ha… word that…" Alam mo taga-Cebu, Bohol 'yan eh. Si Lapu-Lapu ginawa ninyong sardinas, escabeche. Sabi ko, when I became President, I elevated their name and identity to the level of a national hero. So may dalawa na tayo ngayon.

Maybe about 20 years from now, for coming up with a recipe --- Wala kaming problemang mga Bisaya. Kasi as late as high school, ito lalo na nung nag-asawa ako, ang pagkain talaga namin sa bahay mais. Alam mo, tanungin mo 'yan mga Bisaya na original, sabihin nila, ayaw… ayaw 'yan kumain ng bigas, rice. Tanungin mo kung bakit. Sabihin… sabihin sa'yo 'yan, [Speaks Bisaya]. Totoo 'yan. You ask your… Mabutod, bloated. Kaya mais talaga. Ang problema sa mais --- But I'll tell you the secret now why they have come up with this. Ito… [Speaks Ilonggo]. I chose him because he was really a farm boy, a governor of North Cotabato and the Mayor of M'lang for so many years. "Kaya kung ako makuha mo sa Cabinet, I assure you na rice sufficient tayo." Mga ganun-ganun.

Well, that is as far as his dream can go. The problem is, not his fault, we have ran out of agricultural lands where we produce our pagkain, consumption. Everything here now, including the mountain, the Samal island that you're facing, eh cash crop 'yan eh. Puro export, oil, the copra meat. Punta ka doon sa taas, wala ka namang makuha because they are all planted or geared to bananas. And the money guys and the multinationals, because it is a cash crop, 'yun ang nangyari ngayon. So we're short of lands actually. And maybe in the Visayas, without offending the guys there. Kasi mabagyo ang lugar.

Ngayon na lang itong dumating na for the rare times in my life, the last destructive typhoon was in, 1969? Maybe around that time. At walang, wala ng iba. 'Yung Pablo skirted the route and went over there but proceeded to Gen San. Teka, sinong pangalan nitong bagyo na ito? Puntahan mo nga 'yan… Commod… Admiral Tan. Sabihin mo sa kanya, "Galit ako sa p***** i**…" Huwag siyang pumunta dito kasi you know, it's --- Look at the boulevard. If you have a sustained wind of about just 70, mahirapan tayo. I don't know what will happen to the mayor because she will be… she will go crazy.

Masyadong vulnerable tayo dito. And because we have been used to that kind of set up na walang bagyo so very fragile ang mga bahay diyan. Pagka maximum winds of something like 70, haros lahat 'yan. So kanina pa ako nagdadasal at nagmumura nitong bagong typhoon na 'to. Tell him that he's not welcome here... g********. 'Yan ang problema diyan.

So ngayon hindi kasalanan ni Governor Piñol ang --- [Speaks Ilonggo].

We promised the Filipino, we'll be self-sufficient kung paghaluin mo 'yan --- Pero itong mga Tagalog, mag-purigi talaga ito. [laughter] Eh hindi sanay eh. Kaming mga Bisaya, especially the manual workers. Hindi kumakain ng ano 'yan --- the Visayans of the old, they do not eat rice. Kasi gutumin kaagad. It's consumed easily by the body at hypoglycemic ang ano… The reason why we have the highest incidence of diabetes, Southeast Asia, including China because rice-eating tayo eh. Talagang maliit pa tayo --- Dito na ako nakakita sa Pilipinas, rich or poor, tinitingnan ko talaga 'yan noon pa. Mayaman o mahirap. Ang ulam kalahati lang maubos niyan, karamihan kanin. Maraming ulam talaga natitira. Ganun ang practice. Pero pagka ganun [Speaks Bisaya] [laughter and applause] [Speaks Ilonggo].

O, good now we are equalized. We eat rice. We eat corn. Para sa lahat. Perfect. I mean if you get used to it. [applause] If you get used to it, talagang matagal kang magutom. Lalo na 'yang mga trabahante, mga mahirap, mais 'yang kanila. Mahirap gutumin kasi it takes time for the system to grind and it has a very low glycemic properties. Okay 'yan.

So ito ngayon, may barko, may… Commander, may bagyo, siguro itago mo na muna na… [laughter] 'Di man 'to aircraft carrier baka 'yung Coast Guard naka-gwardiya diyan o. Hindi siya maka --- every time he makes a move, 'yung baroto niya matagal nakaalis diyan, sinasalubong ng [unclear], kadugay sa nga… Kanina pa siya ka-

navigate diha. O, o, o, matumba 'yan. [laughter] Ara man si Admiral Casillan, [inaudible]. You're retired, Admiral Edmund 'no, Admiral… Ito 'yung mga sikat noon dito sa Davao. So 'yun na lang maidagdag ko doon.

If we cannot meet the expected target, then let us innovate. That's the catchword of the… our millennials, innovate. So okay na. Ini si Bernadette, imbento sa rice corn. Eh anak siya ni Albert Romulo, 'yung Executive Secretary. Magna cum laude sa UP. [Speaks Bisaya] [laughter] [Single?] pati. Huwag ka magtanong diyan kasi turuan ka ng mali diyan. [laughter]

Now, to just also honor the guy who prepared for this speech. Basahon na lang naton ha.

Our activities today are proof of the government's resolve to empower and protect our country's farmers and fisherfolk. I thank the DA, BFAR, and NFA --- Ara man si Garcia? Jason? I haven't seen you for two decades siguro. The commissioning of the BRP Lapu-Lapu and BRP Francisco Dagohoy will strengthen the government's programs against illegal, unreported and unregulated fishing. These steel-hulled offshore vessels are set for deployment in various parts of the Philippine waters to intensify fisheries law enforcement operations. Mag-cut muna ako dito.

These ships have various purposes. One, it can transport food to places anywhere in the Philippines during hunger, famine. Second is rescue. We are the window of the Pacific and every now and then, I just came from Biliran the other day and not so much about the devastation sa infrastructure including the casualties. They are still in the search and rescue. I just hope na 'yung mga tao doon somewhere… kawawa rin kasi 'yung… So these ships will come in handy. I'm sure that maraming trabaho itong magagawa para sa Pilipino and this was a good move by Secretary Piñol. I just have to stretch your indulgence. I have a very bad throat.

The launching of the Rice-Corn Blend Program earlier will help supplement the income of our corn farmers and promote a healthy lifestyle among Filipinos. Marami tayong mais eh and it can be grown everywhere, almost. Hindi masyadong mahirap itanim. The rice-corn blend has been shown to lessen the risk of diabetes, delay hunger pangs and promote weight loss. This will help greatly in reducing hunger and poverty [as well as] create a healthier and more robust citizenry. 'Yun ang… That's the rationale. To lay your… the pangs of hunger. Mabuti rin ito kasi kung gutumin ka ng isang araw, dito dalawang araw kasi…

But the problem also with the… this thing about the Cebuanos and the coastal provinces of the eastern Mindanao is karamihan, just like the soldiers. Karamihan ng ano, itong kidney because kaming mga Bisaya, kailangan may maalat. Kasi ako pag walang maalat diyan, hindi ako kakain. Maski saan ako magpunta, magdala-dala ako ng… 'yung tuyo na ginagawa dito. Hingiin ko sa aide ko. Huwag mo lang isabi sa kanila ha, kasi ma-bad shot tayo. For the life of me. Kung gusto mo akong yayain

tapos kung gusto mo akong busugin, dalhin mo ako ng karinderya. Huwag mo akong dalhin diyan sa mga hotel.

Hindi ko lang sabihin… four days ago, 'yung mga five servings na una 'yung sabaw tapos 'yung sarciadong... ganun lang man rin kaliit tapos may… tapos may bulaklak-bulaklak. 'Yung pula-pulang… May mga security ako, tinanong nila 'yung… parang bulaklak. Sundalo kayo. 'Yung iba kinain na nila. Pagtanong nung si group ko, 'yung commanding officer ng PSG. Sabi niya, "Waiter, makain ba ito?" Sabi ng waiter, "Hindi sir, dekorasyon lang 'yan eh." [laughter] [Speaks Bisaya] [laughter]

Kaya niya --- Sa totoo lang, if you really want me satisfied with a meal, if you want to break bread with me tapos ano ako, I feel comfortable, dalhin mo ako diyan sa mga --- Maski barbeque-barbeque. Huwag mo ako dalhin sa mga ano… hindi ako kumakain. You watch me. Hindi ako kumakain. Just like si Trump. Si Trump, magkatabi kami eh. Kutsra, tinidor. Sige, sir, daldal-daldal, daldalero eh. Tapos 'yung pagkain na parang salad, nung nakakuha siya, ginaganun niya. Ini-i-spread niya…iisang, parang munting bundok. Nai-spread na doon sa… hindi niya kinain. Hindi kumakain. Si Medvedev, walang security-security. Basta kain. Si Trump ang hindi pinapakain ng gwardya niya. Kay baka makakain ng bulaklak sa… sundalo ko. Hindi na nagtanong 'yung iba na, "Makain ba ito?" Hindi. Basta nandiyan sa plato. Eh mga hotel na 'yan kamahal niyan. Pu…

It is this administration's vision to ensure that food is made available and affordable to every Filipino. But this can only be accomplished if we empower and protect every Filipino farmer and fisherfolk through effective and efficient programs and initiatives. Through these two programs we hope to improve their livelihood opportunities and alleviate their condition. Our farmers and fisherfolk supply the Filipino people with food despite great risks and difficulties, and are often affected by weather changes, price fluctuations and financial resource shortages. That is why the government has made it a priority to help our farmers and fisherfolk.

Let these small but meaningful gestures express our deepest appreciation and gratitude to those who feed us and contribute to the development of our economy and country. I will not read the last sentence. Alam mo kasi ganito 'yan, the weakest link sa ating economic cycle is actually agriculture. So we have been to so many nations inviting them of the weather, climate conditions, especially half of Mindanao down, na wala masyadong bagyo where we can plant on a long-term program na hindi matatamaan ng mga bagyo. Because the only way to help the farmers and agriculture sector is really to bring the industry to the mountains.

That is why marami tayong niyayaya at maraming pumapasok. Itong mga NPA, with all their posturing about helping people. Sila 'yung nagi-stymie. And one of my conditions before na they stop extortion. 'Pag hindi naman nahinto ang extortion, walang lumalaban sa bukid, eventually they ceased operation or totally abandon the project.

Kasi sinusunog ng --- kawalang hiyaan diyan eh. Iinit ‘yung ulo sa inyo. [Speaks Bisaya].

How many time --- Kita mo sa TV. Trucks burned, workers killed, structural buildings sa bukid sinusunog. Okay lang ang mining sa akin. May ano ako sa… I have my own dynamics about mining. Pero ‘yung sanang sa food, the greatest impact would really be manufacturing, for the manufacturers to process the food… nearest.

Alam mo, mahal ang gasolina. Ang freight is very costly. Just what like Secretary Piñol said, mas mahal pa magpadala ng gulay doon sa Maynila kaysa magpalabas ka. So the only way siguro na gawain ko, natin talaga, if you can have the money is to build more ships, a bigger one like this tapos at a cut-price [applause] ise-service ‘yung --- Dapat ibigay.

Alam mo bakit? Are you not surprised na walang barko na dito sa Davao? That if you want to ride a ship, you have to go to Gen San then you have to travel for three hours. Hindi pa kasali ‘yung danger doon. Pati ‘yung the --- ‘yung mga sasakyan na nandiyan na not road worthy. Pati ‘yung mga driver na malalayong biyahe. Kaya kailangan istriktuhan mo ‘yan eh. Sometimes, the drivers who are really into the long haul. Manila-Davao, Davao-Manila or individual provinces. Iba nagsha-shabu. Kaya kung magbanga ‘yan sila sa bukid. Minimum of 20, 30 ang patay.

Kailangan hanapan talaga ito ng some government… Ako gusto ko lagyan ng governor ‘yung accelerator. Just to govern the speed of how you can get. Pati diyan sa EDSA nagkakarerahan eh. Pagka gabi, ‘pag nabangga diyan sa mga sementong island na walang ilaw, ah wala patay. So isa ‘yan sa mga --- talagang problema ng gobyerno. How to solve all these problems at the same time.

Kaya kita mo ‘yung mga ano --- It’s not because I favor one from the other. But itong karamihan makita mo puro military. Nandiyan si… Delfin. Used to be the… sa Calinan ‘yan, when I was mayor he brought in the Second Ranger… Ranger, Scout Rangers. Esperon was the for the longest time the adviser sa --- Now, I placed somebody there sa… si General Del Rosario. Used to be the commander of Task Force Davao.

Alam mo kasi, ‘pag ito sila, ‘pag inutusan mo, nasusunod at walang… menos ang kurakot. ‘Pag sinabi mong ‘yan ang pera, gawain mo ‘yan, gagawain ‘yan. ‘Yan ang gusto ko. Alam mo kasi itong bureaucracy, ganito. Huwag ho kayong ma-insulto. Totohanan ito. When you enter government with all dedications and lahat na, papasok kayo then you… mag-fight kayo doon sa lower echelons ng ating gobyerno, first grade up to the time maging supervisory authority ka then eventually sasagad ka diyan. Now, it has always been the practice na ‘yung mga director talaga are political appointees.

You know why? I’ll tell you what. I’ve been mayor for 23 years; congressman for one term; vice mayor. Alam mo kasi pagdating ninyo diyan sa taas, parang alam na ninyo sumagad na kayo kasi ang feeling ninyo is you’ll never go higher than what you have now at present. So sometimes, hindi naman lahat. Mostly sa Manila, mga dead woods.

Ang mga tao magpunta doon, maghanap ng… magpirma wala niyan. Pagbalik ka bukas, wala diyan. P***, pagdating dito, nandoon sa abroad. Tingnan mo ang record, 7, 8, 9 times going abroad. You save the money of the people for a flimsy reason to go there. Kaya umiinit talaga ang ulo ko.

Kaya January 1, sabi ko sa… kay Medialdea - -- Well, I do not want to interfere with Congress and the Supreme Court, inyo 'yan, eh. Dito sa akin, no travel now. I'll cut it o whatever. Except the diplomats, 'yung mga ambassador. 'Yung travel… Ayaw ko na lang sabihin mapahiya 'yung tao. Basta sabihin ko muna walang travel. Mag-starvation diet muna tayo diyan. Every time you go out you spend per diems and then hotels plus the fare. Kaya lahat nag-travel na more than --- I'll look for plenty of victims. Ipatingin ko lahat.

'Yung lahat na every month nag-travel, you go. I do not need you in the Executive department. So walang travel talaga. January 1, wala akong pakialam kung --- Well, if it's personal reason, namatay ka ng tito mo, mother. O 'yung isang asawa mo namatay doon, 'di hayaan mo na lang, maligaya ka na niyan. Magdasal ka na tuloy. T*** i** nauubos 'yung pera. Na-awa talaga ako. And I will fire about 49 policemen and three superintendent. Grabe ako. You could sense my… 'yung protection ko sa uniformed personnel. Kinakampihan ko talaga 'yan. Kinukupkop ko 'yan sila. For as long they do their duty and in the performance of duty, walang silang problema. Time and again, I've said "I will protect you."

At I run afoul with --- So what's being wrong when I say that "I will kill you if you destroy my country?" Is there something wrong there? And when I say that, "Do not destroy the youth of the land because I will kill you." Natural. And so, what is wrong with that? Itong human rights. Magsasayang lang kayo ng --- You know, it's a waste of saliva. I promised it, I will do it. Wala akong pakialam diyang criticism na. I've said that I am placing my life, the presidency itself and the honor that goes with it on the line. Kaya't magsasayang kayo ng laway ninyo diyan. It's something which…

You know, everything --- every department, ayaw ko na magsabi, basta everyone doon, pati 'yung akin --- May component talaga 'yan sa corruption as we go along our national life. Hindi na mahinto-hinto ang p*** --- Eh at least naman ang panahon o, tutal hiningi ko, four years lang. I'll be there four years and so many months. This is a time to stop. At least ipatikim ko sa Pilipino ano 'yung bayan nila na hindi… ginagastos 'yung pera nila sa tamang… You just find it easy to go back and forth every month. Sinu-swerte kayo. Eh ako, pati ikaw, o 'di gusto mo palit tayo? Kaligaya ko na lang mag ---

Alam mo, my age 72, I used to be a pilot when I was young. I was flying here dito. Nag-e-exhibition ako palagi dito. I take a spin, nag-lu-loop ako dito. Ginagalit ko 'yung CAA --- 'yung matanda diyan kasi makita niya nag-lu-loop ako nang ganun, pinapa-spin ko. You have… Kapatid 'yan noon ni… He was our instructor. Air Force 'yun eh. Ngayon, pa-travelin (travel) mo ako? Susmaryosep.

After that accident sa --- So many accident sa motor, madali akong mahilo. Nagpu-puke pa ako minsan and add to the spinal trouble that I have. I cannot even shift to one position. You know, it's normal for you to shift position while you are asleep every 40 minutes. Gagalaw talaga 'yung katawan. Eh ako 'yung sa ano, madali na akong ma… I hate to travel but I have to represent.

Now, this is India. Nag-beg-off ako. Problem is tayo lang pala ang walang representation so the Department of Foreign Affairs is urging me to go there because India is also a big market. It has a lot of people there. Next I think to… parang humahabol siya ng China sa population. I am not sure but I have to attend every… 'yung… Well, whatever it is, heads of state. Pero kung sabihin ninyo nag-enjoy ako niyan, I'm too old for that.

So let us be very clear on this: We are all friends. Wala akong problema diyan but when it comes to government interest, medyo kalimutan mo na muna. I have fired so many who were with me in 1988 and who campaigned for me and worked for me. Only nung pagsama naming in the early days… 'Yan nga ang mahirap diyan eh. Maraming --- three minutes. Maraming pumupunta noon. Sabi ko, "Ayaw kong tumakbo." Tapos dito sabihin, "Mayor, tumakbo ka na, ikaw lang ang pag-asa ng bayan blah-blah-blah. Wala na itong… this country will go down and…" Tapos ngayon na nanalo ako, naging Presidente nga ako, eh bigyan mo naman trabaho, wala pang isang buwan, dalawang buwan, nandun na sa corruption, ay p*****. Tsk.

That's the irony of it all. Most of them are the ones prodding me to run, "Eh mayor, masyado na ang corruption…" Look at the irony of it all. [inaudible] very tragic. Tinutulak nga niyo nga akong tumakbo para walain natin ito. Lalo na... The danger there is it would make things worse for us. Eh panahon ko hindi talaga. I will always be strict especially in matters of money. Mahirap akong ano diyan. Pero since we are all a democracy and the powers are distributed.

Kahit ang mga NPA, nag-usap tayo, I told you not to extort, you burn everything and kill people steal. Nag-cease fire tayo, mga sundalo ko pinapatay ninyo pati 'yung mga pulis. Eh mga t******* talaga kayo eh. Sira ulo. Ngayon, you are exploiting everything and collecting as if you are without a sin kung magsalita. Ang yayabang pa. Tapos magsabi, "Revolution, revolution." O, sige mag-revolution kayo. Ako mag-revolutionary government din. "Ah Duterte, diktador." Na-buang na. Kayo na wala kayong bangka diyan, lalakas loob ninyong magsigaw ng revolution. Wala ka nga tabanog diyan. Kaya kung may Air Force, may Navy, sige revolution.

Kaya sabi ko… Ako? Kayong mga sundalo ko, kayong mga pulis. Papayag kayo sa isang son of a b**** to be a dictator? Would you think you would allow me beyond my term? O, what's happening to you? Hindi ako ang may problema. I don't want it. The guardians of the... At the end of the day, it's always the military and the police.

Kayong mga pulis, is it good for you to allow me to be a dictator? You will allow it? Kayo mga taga-Armed Forces, mga Coast Guard, pinaghirapan ninyo itong bayan na

ito. Would you allow a President to transgress the Constitution by expanding my term? Well, if that is your frame of mind, I'm sorry. I am not up to it. Bilisan na lang natin itong four years.

But I will do everything that's under the Constitution in my power, for after all it's very simple. I swore to God and to the people of this Republic that I will protect the people and that this nation is preserved as one Republic. 'Yun lang. [applause] I have no --- Do not speculate about... Huwag kayong maniwala, puro intriga 'yan. Purong... Walang g***88. Kaka-ano ko, abogado ko, papasok ako ng ganon? Besides, 'yang mga mistah. O, katagal nating nagkilala noon pa. I was only a fiscal. Was I ever talking of something like as indecent as working towards a revolutionary command? Bakit ko gawain 'yan? Kaya ko man... I can maintain law and order.

Dito sa Mindanao because of the extremism. Kagaya dito, doon Maynila safe ka. But remember in Mindanao, there is a martial law existing. The enemies of the state, bantay 'pag dito. Eh ako hindi naniwala ako 'yang 39 hours under the con... Pagka ganon, when I get hold of you. I will give myself enough time to investigate. Bigyan mo lang ako ng ilang oras to detain you, that's b*** s***. I would rather not at all get hold of you. Just wasting my time. 'Pag nahuli kayo dito, bantay kayo. No bail kayo dito. Eh kausapin kayo nang mabuti, akala mo naman kung sino kayo.

Lalo na itong... Well, the other one is terrorism. We're facing so many fronts. The drug problem is still there. I've been telling you --- Was it last night or the other night? Went to the wake of the… 'yung pulis na namatay. I've been telling you they are fighting. [Meron kayong dala-dala nung pamphlets? 'Yung about drugs?] I'm giving you a literature. 'Yan ako galit. Kaya ako napamura.

Alam mo... same body. National Control Board, may logo doon na United Nations. And here is the Human Rights Commission, also under the United Nations. Nandito lahat. Cannabis... [Excuse me] I said I have a... [Unahin mo 'yung mga military pati pulis if you have extra copies] They're all characterized here. It's the International Narcotics Control Board, United Nations. Dito... Sa lahat ng characterization, 'yung iba stupor, 'yung iba ecstasy… [Ito na, that's the one] Methamphetamine use, triggers aggressive, violent, and bizarre behavior, among others.

Nakita mo 'yung bata? Saan ka nakakita dito ng one month old na bata na rape-in mo? Because you are reduced to an animal because of a toxic effect. 'Yang poppy, cannabis, cocaine, 'yan 'yan, 'yung mga milyonaryo na may ganun na kalalaking barko. They go into the open sea and eroplano, mag-hithit sila. Wala tayong magawa eh. 'Yang mga elitista na mga --- O 'yung pobre, bakit? "Bakit ang pobre namamatay, ang mayaman hindi?" Kasi ang pobre 'yun ang target ng market ng shabu. Mura eh. Itong mga cannabis, cocaine, mahal 'to, heroin. It does not really impact so much on the brain because it comes from a natural, organic plant. Shabu is a mixture of deadly chemical.

Kaya pati pulis --- Sinabi ko na, “Naubos na ‘yung pulis ko diyan sa...” Tapos basahin mo ‘yang mga critics diyan sa ano. Ang sabihin lang nila, “O, ito pinatay ni Duterte. ‘Yan ‘yan ‘yan o. 10,000.” Tapos pupunta dito. “Duterte, alam mo ba ang drug is a social problem? It is an… a health issue.” And so? ‘Yun lang, dalhin na doon sa America, sa Europe. Ito namang ugok na mga puti. Palibhasa walang mga utak. If it is a social problem, if it’s a health issue, tingnan mo doon sa likod. What happened? How did it start? Where is it going? Ilan na ang adik? It’s about four million plus… six. They are creating within the… our nation isang grupo who are already insane and addicted to a drug called shabu. They are reduced to slavery.

Kaya talaga ako --- And the crimes and the horrendous crimes that they commit along. Kaya sabihin mo na madala mo ako doon at takutin mo International Court of --- Kaya sabi ko, “Callamard come here, iko-cross examine kita.” Biro mo magdala dito ‘yung black doctor na sabi na --- Sa America, kasi ang crisis doon opioid, ‘yung prescription. Hindi pa sila natuto nitong shabu, ‘pag ‘yan ang ---

Sabi ko nga, one day to your horror… nag-umpisa na. So Trump declared an emergency. Tapos gusto nila sundin natin sila. You know, you’re --- Hindi nga ninyo ma-control na America kayo, nandiyan na sa inyo lahat, kami pang... Wala kaming sophisticated… wala kami masyado ‘yung mga drones that can penetrate the cover of the canopy of a forest. Wala kami ‘yung warm bodies na makikita mo. It’s too expensive. Eh nagamit lang natin ‘yan nung sa Marawi but it was only loaned to us o humiram lang tayo, hindi atin ‘yun. ‘Yun ang…

Kaya hindi ko binasa kaagad ‘yung speech ko, Congresswoman, pardon ha, taking of your time. Are you going back to Manila? Kasi those guys who are going back… who are going to back --- Ikaw mistah? Balik ka Maynila? Kasi mag… 9 magdating na daw ang bagyo. Mag-search and rescue na naman tayo nito ng dalawang Coast Guard.

So, thank you for those guys who came in from afar. Thank you for visiting us here, hearing this event with us. This will help, itong dalawang --- Alam mo, [inaudible] sabi niya, “Piñol, he will acquire more.” You know, alam mo na Ilonggo. [Speaks Ilonggo].

Pero maganda ‘yan, it’s a good move actually. I agree with it. [applause]

Maraming salamat po.

* * *